Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Josue:
Ang
Tagapamahala

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring
makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Patay na si Moises.
Alam ni Josue na siya ay pinili ng Diyos na maging pinuno ng Israel.
Bago hinanda ni Josue ang kanyang kawalan, hinanda niya ang kanyang sarili.

Ang Diyos ay nangako kay Josue na siya ay magtatagumpay at may kasaganahan sa Lupang Pangako, kung ang mga tao ay susunod sa Salita ng Diyos.

Nangako ang mga Israelita na sumunod kay Josue at sa Salita ng Diyos.

Ipinag-utos ni Josue sa mga pinuno ng bayan na

libutin ang buong kampo ng Kanaan at manmanan ang lunsod ng Jeriko.

Dito
mangyayari
ang unang
laban
ng Israel.

May nagsabi sa hari ng Jeriko na may mga espiya sa bayan, kaya't siya ay nagpadala kaagad ng mga kawal upang hanapin sila.

Ang paghahanap ay
nagumpisa sa bahay ni Rahab,
na doon ang mga espiyang
Isrealitas ay nagtago.

Kumatok ang mga kawal sa pintuan ni Rahab. Nagmadali, tinago ni Rahab ang mga lalaki sa ilalim ng makapal na dayami.

Nakakabit sa pader ng lunsod ang bahay ni Rahab, ...

... kaya't buhat sa kanyang bintana'y inihugos niya sa labas ng lunsod ang dalawang espiya gamit ang pulang lubid.

Bakit kaya tinulungan ni Rahab ang mga espiya?

Sapagkat alam niya na ang Diyos ay kasama nila. Ibig niya ng ang Diyos ay iligtas siya.

Ang mga espiya ay nangako na liligtasin si Rahab at ang kanyang sambahayan.

Bago sila dumating sa Jeriko, ...



... ang mga Israelitas ay kailangang tumawid sa ilog ng Jordan patungo ng Kanaan, ang Lupang Pangako.



Ngunit walang tulay! Paano nila matatawid ang ilog?



Sinabi ng Diyos kay Josue na ang mga pari ay kailangang manguna sa mga tao, dala ang Kaban ng Tipan ng Diyos.

Nang yumapak ang mga paa ng pari sa Ilog ng Jordan, ang Diyos ay gumawa ng himala. Natuyo ang kanilang daanan sa ilog.

Nang makatawid na ang lahat, kumuha ng bato sa gitna ng Ilog ng Jordan ang bawat isa sa labingdalawang lalaki na napili. Dinala nila ang mga bato sa kanilang pinagkampuhan.



Naglagay rin si Josue ng
labindalawang bato sa
gitna ng Ilog Jordan.
Ang mga batong ito
ang magpapaalaala
sa bayang Israel
sa mga ginawa
ng Diyos.





Ang Jeriko ay may malakas at makapal na pader.



Habang
si Josue
ay nagbabalak
ng kanyang
ataki, ...



... pinadala ng Diyos ang Kanyang Pinuno ng Hukbo mula sa langit upang mapaala-ala sa bagong lider ...



... ng Israel na ang Diyos ang Siyang magbibigay ng tagumpay sa digmaan para sa Israel.

Sinabi ng Diyos kung
papano malusob ang Jeriko.
Nakapagtataka ang paraang ito.

Ang mga kawal ay liligid sa palibot ng Jeriko minsan isang araw sa loob ng anim na araw.

Sa ikapitong araw, pitong beses liligid ang mga kawal sa lunsod, at hihipan ng mga pari ang dala nilang trumpeta.

Sa sandaling iyon, babagsak
ang mga pader ng lunsod.

Si Josue at ang kanyang kawalan ay sumunod ayon sa utos ng Diyos. Marahil ang mga tao sa Jeriko ay nagtawanan sa kanila.

7





Ngunit, pagkatapos ng pitong araw ng paglibot, inihip ng mga pari ang mga trumpeta na gawa ng sungay ng lalaking tupa.

7





Ang bahay ni Rahab sa pader ay ligtas. Iniwan niya ang pulang lubid sa bintana.

Kaagad, niligtas ng
mga espiya si Rahab
at ang kanyang
sambahayan.

Ang Jeriko ay
nawasak, gaya ng
sabi ng Diyos.

Sinunog ng
Israel ang lunsod
ng Jeriko, liban sa
mga yari sa ginto,
pilak, tanso, o bakal.

Ang mga ito'y inilagay nila
sa kabang-yaman ng Diyos.

Sinumpa ni
Josue ang sinumang
magtatayo muli ng
lunsod ng Jeriko.

Kaagad ang lahat
sa Kanaan ay nakarinig na si
Josue ay nagwagi sa Jeriko.
Alam nila na ang Diyos ay
kasama ng bayan ng Israel.

Josue: Ang Tagapamahala

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Josue 1-6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16